Kakaunti lamang ang mga pag-aaral ukol sa kung papaano ang pag-kakaiba ng isang henerasyon at ng indibidwal sa kanyang personal na pagkaunawang pagpapatawa (sense of humor). Kalimitan din na ang mga pag-aaral ay ukol lamang sa kung papaano makikilala ang pagpapatawa ng isang tao. Madalang din ang hindi pagpansin sa kabuuang katangian ng pagkaunawang pagpapatawa. Isa sa mga likas na katangian ng mga Pilipino ay ang pagiging malikhain sa pagpapatawa lalo na ang mga may pangangatawang bibilugin o may katabaan. Ang pag-aaral na ito ay nag lalayong makita at mailarawan ang pagkaunawang pagpapatawa ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Pamantasan ng Holy Angel na mayroong endomorpikong pangangatawan kasama ang kanilang palagay sa sarili at ang kanilang personal na balangkas. Gamit ang *Tennessee Self-concept Scale*, ang mga sumusunod na larangan ay sakop sa pag-aaral: pisikal, moral, personal, pamilya, sosyal at akademikong aspeto. Habang ang mga nakapaloob sa personal na balangkas ay ang mga sumusunod: kursong pinapasukan, taon sa kolehiyo, edad, kasarian at estado sa buhay. Ang pagkaunawang pagpapatawa ay susukatin sa pamamagitan ng isang palatanungan na hango sa *Multi Dimensional Sense of Humor Scale* base sa pag-aaral ni Thorson and Powell (1993).

SYMPOSIUM SA SIKOLOHIYANG PANLIPUNAN AT KALINANGAN

Panlipunang Identidad: Ang Pakikipag-ugnay ng mga Pilipinong Muslim sa Batangas sa kanilang mga Ka-komunidad na Pilipinong Kristiyano

Raymond Charles Anicete
Pamantasang De La Salle-Maynila

Ang kasalukuyang pananaliksik ay nakatuon sa mga teorya at pag-aaral ukol sa pakikipag-ugnay ng mga grupo sa isa't-isa. Naisin ng pag-aaral na unawain ang kalikasan ng pakikipag-ugnay ng mga Muslim sa kanilang ka-komunidad na Kristiyano sa lungsod ng Batangas. Mula sa mga datos ay lumitaw ang pitong katagorya, a.) Panlipunang Identidad, b.) Mga Kadahilanan ng Pakikipag-ugnay ng mga Muslim, c.) Mga Uri ng Pakikipag-ugnayan (Pakikipag-ugnayan), d.) Mga Gawain na nagpapatatag sa Ugnayan, e.) Balakid sa Pakikipag-ugnayan, at f.) Paraan para sa Pagre-Resolba ng mga Alitan. Mula dito ay nakabuo ng isang modelo na magbibigay larawan sa kalikasan ng pakikipag-ugnay ng mga Muslim sa kanilang ka-komunidad na Kristiyano, na kung saan lumitaw ang kahalagahan at impluwensiya ng mga panlipunang identidad sa mga ito.

Pulitikal na Pakikilahok ng Kabataang Pilipino sa Konteksto ng Aktibistang Grupo

Jose Maria A. Diestro Jr
Far Eastern University

Nagsisimula sa pansariling interes at humahantong sa pagiging-isa sa mas nakakarami ang pakikilahok ng isang aktibistang kabataan. Nakita sa proseso ng pag-unlad na ito na mahalaga ang papel ng ugnayan at ang iba't-ibang kahusayan na nakukuha sa mga gawaing pulitikal na isinasagawa ng grupong aktibista sa kanyang pagpapatuloy at sa pag-unlad ng iba. Lumitaw din na mahalagang matutunan na lumagpas sa iba't-ibang kontradiksiyon



Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino

Katangian at Konteksto ng Kasiyahan ng mga Kabataang Pilipino

Carmelo L. Martinez
Don Bosco Formation Center, Cebu

Natukoy na ang kasiyahan ng mga kabataan ay nabubuo sa loob ng kanyang mga interaksyon lalo na sa pamilya, barkada at organisasyon o samahang kinabibilangan. Nakita ring may dalawang anyo ang kasiyahan—ang panloob na damdamin at panlabas nitong pagpapahayag. Sinuri rin ng pananaliksik ang mga mga konsepto ng loob, kapwa at sarili at ang papel nitong ginagampanan sa mundo ng damdamin ng saya.

Rural Landscapes in the New Philippine Cinema: The Cultural Convergence of Philippine Psychology and Film-Space.

Patrick Campos

Ang tinaguriang Ginintuang Panahon ng Pelikulang Pilipino (1975-1984) ay nag-martsa kasabay ng indayog ng martial law at – isa ngang kabalighuan – namayagpag sa gitna ng politikal at pang-ekonomiyang dupok. Ang tema ng mga mahahalaga dahil napapanahong pelikula ng panahong yaon ay ang walang pakundangang pagsasamantala (exploitation), ang tunggalian ng kapangyarihan, at ang pagkawala ng pagkakakilanlan; ang biswal na motif ay ang pagkabuwag ng minsa'y masayang pamilya, ang pagpasok sa prostitusyon ng kapwa babae't lalaking mapupusok, ang pang-gagahasa, pagpatay, at pagnanakaw; at ang pangunahing tagpuan (setting) ay ang lungsod, o kung hindi man, ay ang probinsyang hinawa o pilit na hinahawa ng sakit ng lungsod.

Ang mga tema at motifs na ito ay nagsisilbing metapora, kung hindi man analogy, para sa kapinsalaang sikolohikal (psychological violence) at alienation na kinaharap ng maraming Pilipino noong panahong yaon, lalo na ng mga taong lumuwas mula sa mga probinsiya patungong lungsod, higit sa lahat patungong Maynila.

Sa pag-usbong ng makbagong sineng indie, marami ang nagsasabing nalalapit na ang panibagong Ginintuang Panahon ng Pelikula, at – muling kabalighuan – dahil kaalinsabay na naman ng kahirapan at politikal na karupukan. Sa natamong bagong respectability ng mas mura at mas portable na teknolohiyang bidyo, sa pagdalisdis ng produksyon sa mainstream na industriya, at sa pag-angat ng mga makabagong na direktor at manunulat, naging posibleng maitanghal ang rural na landscape sa bagong paraan. Ang resulta ay ang artikulasyon ng mga bagong tema at biswal-awral na motifs na kumakatawan sa direksyon ng pelikula at panibagong pagsasalubong ng tinatayang sikolohiya ng Pilipino at ng mga isinapelikulang espasyong panlipunan.

Ang proyekto ng papel ay dalawa. Una, sinusuri ang ilang mga bagong pelikulang indie sa kung ano ang sinasapantaha nitong pananaw ng tiga-probinsya sa kung ano ang kahulugan ng "ginahwa". Ikalawa, sinusuri at tinataya nito kung paanong ang mga konsepsyong sinasapantaha ay kinukuwadro sa makabagong estilo ng pagpepelikula bilang pahayag patungkol sa "kaluluwa" ng bayan.

Sa isang banda, ang tanawin at espasyong rural ay inilalarawan bilang loob o looban – ang puno at bukal ng kung ano ang makapagpapaghawa o makapagpapagaling sa pinaniniwalaang sakit – ng bayan. Ang mga espasyong rural – kagubatan, karagatan, kabundukan – at ang suliranin at hugis ng mga komunidad dito – ang kanilang ritwal, kabuhayan – ay inilalarawan bilang lunan ng primordial na kaluluwa ng bayan. Sa kabilang banda, ito ay nasa labas pa rin ng sentro o nasa laylayan at naghihikahos ng hiwalay.

Ang ginhawang pinaniniwalaang kaakibat ng tanawin at espasyong rural ay kapayapaan ng isip, sapat na pagkain, hustong pahinga, ritwal at libangan, at malinis na budhi. Ang mga espasyong ito ay inaakalang punong

Gaan at Gana sa Buhay: Ang Sikolohiya ng Sarap, Ligaya at Ginhawa



moral ng Filipinas, at, kung gayon, ay ipinapananda itong antitesis ng buhay-lungsod at ng kung anumang ginhawang pinaniniwalaang kaakibat ng, at mailap sa mga tao sa, lungsod.

Ang Danas at Dalumat ng Ginhawa sa Panulaan ng Pakikisangkot

Maria Jovita Zarate
University of the Philippines

Uusisain ng pag-aaral ang danas at dalumat ng *ginhawa* sa mga piling tula ng pakikisangkot. Ang pagturing sa mga tula ng pakikisangkot ay yaong mga obra na may tiyak na pagpupuwesto ng sarili nito sa isang mas masaklaw na proyekto ng pagbabagong panlipunan. Ilulugar muna ang dalumat ng ginhawa sa tradisyon ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagbaybay sa mga piling akda mula panitikang oral hanggang kasalukuyan. Pagkaraan ay sisipatin ang naturang dalumat sa mga kontemporaryong tula ng pakikisangkot sa pamamagitan ng matalik na pagbasa (*close reading*) tangan ang dalawang susing tanong. Una, paano ipinapahayag, sa pamamagitan ng matalinghang wika (*poetic language*), ang mithiin para sa ginhawang pampamayanan at maginhawang lipunan? Kaugnay ng unang tanong, ano rin naman ang mga kasangkapang pampanulaan (*poetic devices*) na gamit ng makata para sa diskursibong pagpapalawig ng *ginhawa*? Pangalawa, paano rin ikinakawing ang ginhawang pampamayanan sa ginhawa ng kalooban gamit ang kasangkapang pangwika (*linguistic devices*) ng isang subjek na nakikisangkot sa pagbabago? Kaugnay nito, mailalata ang semantikong mapa ng ginhawa kakabit ng iba pang dalumat tulad ng *liwanag*, *loob*, *pananalig*, at *katuwiran*. Sa gayon, ang dalumat ng ginhawa ay maitatanghal ko bilang isang mahalagang sangkap ng diskurso ng buhay at pakikipamuhay ng mga subjek na aktibong nakikisangkot sa gawaing mapagpalaya.

Ang 'Liwliwa' sa mga Kuwento ng Kababaihan sa Hilaga

Marian Caampued
Pamantasang De la Salle-Maynila

Sa kaisipang lloko, malawak ang pagbibigay kahulugan sa salitang, 'liwliwa'. Maari itong tumukoy sa kasiyahan, konsolasyon, pagkakaroon ng satsipaksyon o pagiging ganap, paglilibang at pagbibigay ligaya.

Ang papel na ito ay bunsod ng naisagawa nang tesis na may pamagat na, *Sarsarita ti Babayi ti Amianan* (maikling kuwento sa hilaga na may pokus sa Baguio) kung saan ipinaliwanag ko ang sarsarita ti sabali (fiction) sa balangkas ng liwliwa. Sa papel na ito, dadamputin kong muli ang konsepto sa pagsasalansan ng mga salaysay ng kababaihan upang makita ang kontekstuwalisasyon nito sa pagbubuo ng metafor ng kababaihan sa pag-iisa, sekswalidad, at iba pang maaaring matunghayan sa proseso ng pag-aaral. Mahalagang ambag ito sa tinatawag na pag-aakda ng kababaihan (women/feminist writing) lalo na sa usapin ng pagsasakapangyarihan nila bilang mga nagsasariling (autonomous) na mamamayan ng lipunang Pilipino.

Gagamitin ko ang mga akda ng kababaihan na nakapasok sa naturang tesis na hinango mula sa nakalathalang salaysay sa mga magazing pang-NGO, pampaaralan at pangkabuuang lokal na komunidad ng Baguio. Isasali rin ang mga kompilyasyong inilathala ng GUMIL¹ tulad ng Lingka at Kurditan at ilan pang kontemporaryong akda na matutunghayan sa Bannawag. Matapos tukuyin at maipakita ang pagsasakonteksto ng liwliwa sa pagpapahayag ng babae, iuugnay ito sa mga kasalukuyang isyung panlipunan ng kababaihan tulad ng diaspora, karapatang pang-reproduksyon at globalisasyon.

Mahihinuhang marami-rami rin ang salaysay ng kababaihan sa hilaga ang nagpapahayag ng liwliwa sa iba't ibang paraan at porma, konteksto at pangyayari. Kahit na nga ilan sa mga akda ay nasusulat sa Ingles tulad ng, *The Joven*, at iba pang maikling kuwento sa *Sentimental*, aklat ni Tina Gallardo, masasabing umaalingawngaw pa rin dito ang kaisipang Ilokano sa usapin ng liwliwa. Sa iba pang kuwento tulad ng *Kalendaryo* ni Linda Bulong, mahihinuhang ang liwliwa ay hindi lamang ginagamit na metafor sa iba't ibang lebel kundi pati sa mga elementong pampanitikan tulad ng pagpapangalan ng tauhan. Sa huli, maging ang mga kuwentong bayan tulad ng *Bugan at Aginaya* at



Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino

Kiw'ada ay nakakapagpakategorya ng konspetong liwliwa. Sa kabuuan, maaaring sabihin na ang liwliwa ay nakakapagpalaya ng sarili ng babae at maituturing na isang katangian sa kanilang pag-aakda. Gayundin, maaari itong halawan ng mga posibilidad na makakapagpaliwanag ng mga usaping panlipunan batay sa pananaw at posisyong maka-babae.

Temang Sikolohikal at Kultural na Sinasalamín ng Pugad Baboy

Aura Felichi Reyes, Miel Dormiendo, Camille Mae Mansilongan at Efren Lorenz Tigas
St. Joseph's College of Balanga

Nais ng papel na ito na masilip ang print midya bilang isang tulay upang maipakita ang estado ng buhay Pilipino. Ginawa ang kasalukuyang papel upang siyasatin ang mga natatanging temang nilalaman ng isang popular na basahin sa print midya. Naglalayong tukuyin ang kultural at sikolohikal na aspeto ng isang pang-araw-araw na babasihing komiks, ang Pugad Baboy. Ang Pugad Baboy ay 20 taon nang nababasa araw-araw sa isang pangunahing pahayagan. Gamit ang archival research nakita ng mga mananaliksik na ang Pugad Baboy ay sumasalamin sa iba't ibang tema ng lipunang Pilipino. Sa pagkilatis sa pamilyang kinabililangan ng mga tauhan, nakita na kabilang ang isyu sa pamilya, pagpapalaki ng bata, at relasyong mag-asawa sa mga pangunahing tinatalakay ng Pugad Baboy. Ang grupo ng mga nag-iinuman at pagdaraos ng pista ang sumasalamin sa pakikipagkaibigan, tradisyon at hilig sa kasiyahan ng mga Pilipino. Sa pagtingin naman sa bawat tauhan ng Pugad Baboy ang nagpapakita ng isyu tungkol sa kasarian at homosexuality, karera sa trabaho, personalidad, at pakikipagkapwa. Sa pagsasaliksik na ginawa, sinasabing higit pa sa pagpapasaya ang naibibigay ng Pugad Baboy. Sa halip, malalim na sinasalamín rin ng Pugad Baboy ang sikolohikal, politikal, panlipunan at kultural na bahagi ng pamayanang Pilipino. Gamit ang mga resultang nakamit, nagbigay ang mga mananaliksik ng rekomendasyon sa aspeto ng pagkilala sa sarili at paglutas sa problema. Tulad ng napatunayang halaga ng midya sa pagbabago ng ugali ng mga tao, ang mga istorya sa Pugad Baboy ay maaari ring mabigay pagbabago sa pananaw o gawa ng mga nakabasa nito.

How Can We Improve Substance Abuse Intervention in the Philippines?: An Inquiry on the Factors Outside of Treatment that Affects Relapse

Antover P. Tuliao
Ateneo De Manila University at Miriam College

Although much emphasis has been given to substance abuse intervention in the Philippines, high relapse rates still persists despite treatment. This paper presents the results of a study that investigated the factors outside of treatment that affect relapse. A sequential mixed methods design was utilized in this study, with a quantitative study as the primary, supported by six case studies. Using a discriminant function analysis, quantitative study results suggest that situational self-efficacy, negative emotions, motivation, coping, and craving were found to affect relapse, with 92.50% of the original group correctly classified. Qualitative study added social support, spirituality, controlled-use self-efficacy, and the presence of psychiatric disorders to the factors for relapse. Discussion on how and in what way substance abuse intervention in the Philippines can be improved will follow.

Integrating Ginhawa, Spirituality And Creativity

Leah R. Tolentino
Ginhawa, Inc.

Culling from over a decade of facilitating well-being (*ginhawa*) programs to Filipinos, especially to highly stressed populations (NGO workers, church and lay pastoral agents, teachers, therapists, healers, and service providers in society) and the marginalized (youth-at-risk, women and children in crisis, economically disadvantaged rural and urban populations, HIV+ and their care-givers), the key elements of GINHAWA (Growth in Wholeness and Well-being Associates) work are identified. Rooted in an interdisciplinary approach including Psychology, Expressive Healing Arts and Indigenous Science, this work attempts to build a more wholistic frame of reference for the

Gaan at Gana sa Buhay: Ang Sikolohiya ng Sarap, Ligaya at Ginhawa



embodiment of *ginhawa*. GINHAWA programs draw from both Eastern and Western spiritual traditions and more specifically from re-discovering Filipino ancestral wisdom and traditional practices. Innovations to interventions which are culturally-appropriate are affirmed. This presentation offers experiential insight into the practice of *inner-outer ginhawa*, both on the personal and communal spheres, especially in the context of a highly stressful physical and social environment. It aims to share the *biyaya* (blessing) of *ginhawa*.

The Role of Spiritual Activities in the Resiliency Levels of Convicted Felons

J. Enrique G. Saplala
Miriam College

Sa pag-aaral na ito, ipinaghambing ang partisipasyon ng 35 bilanggong Katoliko na aktibo at kasapi sa mga gawaing pansimbahan at 17 Katolikong bilanggo na hindi aktibo sa mga gawaing pansimbahan. Sinuri din ang papel ng kanilang partisipasyon sa mga gawaing pansimbahan at ang posibleng antas ng kanilang *resiliency* (katatagan sa harap ng sunud-sunod na pagsusubok). Ang pakikilahok ng mga bilanggo sa mga gawaing pansimbahan at ang posibleng papel nito sa kanilang *resiliency* ay sinukat sa pamamagitan ng dalawang talaan ng mga tanong: *Spiritual Activities for Adult Offenders* (SAQAO) at *Resiliency Questionnaire for Adult Offenders* (RAQAO) at isang panukat upang suriin ang *resiliency* na hango sa *Children's Attributional Test* ni Martin Seligman. Lumabas sa pag-aaral na ang paglahok ng dalawang pangkat ng bilanggo sa mga gawaing pansimbahan (e.g. pagdalo sa misa o pagsapi sa mga organisasyong pansimbahan) ay nakauugat sa pansariling kagustuhan ng mga kalahok, imbitasyon ng ibang bilanggo o isang karanasang ispiritwal sa loob o sa labas ng bilangguan na nagpabago sa kanilang pananaw sa simbahan. Ilan pa sa mga salik na maaring nakaimpluwensiya sa pananaw ng bilanggo ay impluwensiya ng kultura (*kababaang loob*) at kaugalian. Ang pakikilahok nila sa mga gawaing pansimbahan at iba pang aktibidades ay posibleng nakaugat sa kanilang pangangailangang labanan ang katotohanan ng buhay bilanggo at ang pakikilahok nila sa mga gawaing pansimbahan ay nakakatulong upang maibsan ang kanilang pagkabalisa, pagkapagaw at posibleng makatulong sa pagpapatibay ng kanilang loob sa harap ng sunud-sunod na pagsusubok.

SYMPOSIUM SA LOOB : EXPERIMENTAL PHENOMENOLOGY

Loob through pictures

Jaime Bulatao, Gilda Dans Lopez, Gilda Gaile Gomez, at Kit Balane
Ateneo De Manila University

According to Jocano (2001) Filipinos assess others by their *dating* or how they come across at first encounter. We may sense for example that a person is *magaan*, *mabigat*, or *malakas ang dating*. This seems to imply that we intuit energies emerging from the *loob* or inner self. As an initial move towards exploring *loob* as exuded energies and intuition as a reading of these energies, this study investigated the structure of the *loob* concept. We used pictures to assess *loob* under the assumption that we can sense energies of another not just in face-to-face encounters, but also through personal artifacts. Eight pictures were selected and rated on 24 *loob* descriptors by 29 participants. The factor structure of the 24 descriptors yielded four *loob* components which we labeled as *kaayaaya*, *mapagtotoo*, *matibay*, and *malambot*. Directions for future studies are discussed.

Loob and colors

Gilda Gaile Gomez and Kit Balane
Ateneo De Manila University

This research explored the idea that auras constitute an intuitive reading of another's inner world, and that intuition is abstractly communicated through colors. To investigate whether colors are meaningful descriptors of what we see in another, we brought it together with *loob* adjectives. This study examined the relationship between *loob* and colors. It specifically sought to find out if a color would group with a particular *loob* dimension. Twenty nine participants were asked to rate 10 pictures according to 24 *loob* descriptors and 7 colors. Using cluster analysis,



Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino

green grouped with the *loob* factor *kaaya-aya*, while the colors violet and indigo grouped with *hindi kaaya-aya*. Blue clustered with the factor *mapagtotoo*, while red clustered with *hindi mapagtotoo* and *hindi malambot*. Yellow and orange on the other hand grouped together with *hindi matibay*. The findings show that individuals may have the tendency to relate colors with certain characteristics or traits. Colors may then represent certain qualities that we intuit about another person.

Intuiting emotions through photographs

Joseph Adrian Capuno
Ateneo De Manila University

In this study, it was tested whether an individual could intuit another person's emotions by looking at photographs. Without any prior knowledge of a subject's background or personality, 15 participants rated the subject's photograph on a list of 33 emotions. Results showed that 6 out of the 15 participants' emotion ratings significantly and positively correlated with the subject's self-ratings. Their correlation values ranged from .428 to .886, with $p < 0.05$. The three participants who scored the highest in terms of correlating with the subject's own emotion ratings were all psychology majors who had undergone intuitive training under Fr. Bulatao, obtaining correlation values of .886, .812, and .724. Such results point to the possibility that intuitive ability can be learned and developed.

Filipino therapy: Joining the client's inner world

Ma. Margarita Ramos
Ateneo De Manila University

In this presentation, I propose a framework for therapy that appears to be effective, gentle and appropriate for Filipinos with our various layers of culture and belief. The relationship with the client begins with the therapist's willingness to be *bukas loob sa kapwa*. This is a state of openness that allows one to freely receive the energies of the client and to experience his inner world. The energies may come in many different symbolic ways. The key is to notice the client's symbol which may not always be apparent - be it an object, an image, a throb of pain, or a spirit. In being with the client in his inner world, the therapist intuits the meaning of the symbol. Healing is co-created within that world, using the client's own symbols and his own inherent ability to heal himself.

The experience of intuition among therapists

Kit Balane
Ateneo De Manila University

This study investigates how intuition is experienced by therapists within the context of therapy. Narratives of six eclectically oriented therapists, with varied intuitive experiences in therapy, were tape-recorded, transcribed, and thematically analyzed. Findings showed two types and six general forms of intuitive experiences. Intuition as *involved* requires background information of client as well as a meaningful relationship between therapist and client. This included cognitive, sensory-emotional, presence, and spiritual experiences. Intuition as a *detached* experience is characterized by immediate apprehension of knowledge about the client without background data nor previous meeting or contact. Detached intuition included psi effects and energy healing experiences. Based on the findings that emerged, implications for theory, practice, and training of therapists are discussed.

Nakakaluwag: A Filipino Affirmation of a Sustainable Worldview and Global Care-Giving Ethic

Antonio Levy Ingles, Jr.
De La Salle-College of Saint Benilde

This study examined from a Koestler's holonistic view certain spiritual modes and traditions imbedded in the Filipino cultural experience of *nakakaluwag**. This is done in order to identify beliefs, values, rituals and practices in

Gaan at Gana sa Buhay: Ang Sikolohiya ng Sarap, Ligaya at Ginhawa



view of Filipino personal experience of *nakakaluwag* and draw from them insights on how they are an affirmation of a sustainable worldview and global care-giving ethic. Through an interpretive methodology it articulated (1) the denotative meaning of the term *nakakaluwag* employed in the two studies conducted in Bontoc, Mountain Province and Ilocos Norte Province (2) the various nuances of the term *nakakaluwag* found in literature searches from the online resources and (3) the interview responses of thirty-five young adult Filipinos about their personal experiences and practices of *nakakaluwag* and its meaning to them. Data revealed the predominance of the Filipinos inseparable shared reverence for and gratitude to God and care for their fellow humans as the fundamental unity and extension of global human family. The study implied Filipino worldview of living together in *maginhawang buhay* (in peaceful harmony) with a sense of *malasakit* (genuine care-giving effort, recognizing and protecting the dignity of others).

Pagtitiis o Pagtitiyaga: Konspeto at Pagsusuri sa Pagbubuntong Hininga

Jovelle Gacutan, Irish Ramos at Efrén Lorenz Tigas
St. Joseph's College of Balanga

Karaniwan na sa mga tao ang pagkakaroon ng mga problemang naiipon at kahirapang malutas ang mga ito. Sa mga pagkakataong ito, maaaring maapektuhan ang personal na pakikitungo ng isang tao dahil sa mga dumami at naipong problema. Layunin ng papel na ito na malaman ang kahalagahan ng pagbubuntong hininga sa mga tao. Mula sa depinasyon ng diksyonaryong Filipino, ang buntong hininga ay malalim at mababang paghinga tulad kung nalulungkot ang isang tao. Gamit ang iba't ibang paraan sa pagsasaliksik, tinignan ng mga mananaliksik ang dahilan ng pagbubuntong hininga. Masasabing ang pagbubuntong hininga ay isang positibong gawain kung saan nakakatulong ito upang mas mapanatag o guminhawa ang kalooban ng isang taong nangangamba, napapagod, o nalulungkot. Binigyan ring pansin ang kabutihan ng pagbubuntong hininga sa biological na aspeto. Isinama rin sa pag-aaral ang maaaring pagkakaugnay ng pagtitiis at pagtitiyaga sa pagbubuntong hininga ng isang tao. Mula sa mga nakalap na sagot, nagbigay ng mga rekomedasyon ang mga mananaliksik hinggil sa kahalagahan ng pagbubuntong hininga sa counselling, personal na pagpapanatiling panatag ng damdamin, at pakikitungo sa ibang tao.

The Conceptual Components of Hope in Two Languages: The Case of English-Filipino Bilinguals

Maria Guadalupe Salanga at Homer Yabut
Pamantasang De la Salle-Maynila

The present study inquired into the conceptual components of hope in two languages, English and Filipino. Participants from tertiary-level institutions provided written narratives of experiences wherein they felt hope (or pag-asa) and experiences wherein they felt the loss of hope (or kawalan ng pag-asa). Twenty-eight participants completed the Filipino language version of the questionnaire and 29 completed the English language version. Core ideas were extracted from the narratives and subjected to thematic analysis. Findings reveal that narratives in English and Filipino share similarities in the role of actual or perceived social support in inducing and sustaining feelings of hope.

Flow: Mga Balakid at Kaugnayan sa Ginhawa

Nicolette Bilog, Charisse Yap, Chester Lee at Ron Resurreccion
Pamantasang De la Salle-Maynila

Ang isang indibidwal ay masasabing nakararanas ng *Flow* kapag siya ay lubos na nakatuon sa kanyang ginagawa dahil siya ay nag-eeenjoy at tila ang oras ay lumilipad. Ayon kay Csikszentmihalyi (1990), ang mga taong madalas makararanas nito ay inaasahang maginhawa din ang buhay subtil ayon kay Peterson (2006), ilan lamang ang



Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino

mga taong sumasali sa mga gawain na maaaring makapagbigay ng “*Flow experience*” kahit na alam nila na ito ay makabubuti sa paginhawa ng kanilang buhay. Ang unang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang mga balakid sa kabataang Filipino upang maranasan ang *Flow*. Ang pangalawa ay upang alamin kung ang *Flow* ay nakadaragdag nga sa kaginhawaan sa buhay ng mga kabataang Filipino. Upang maabot ang unang layunin, isang palatanungan ang ipasasagot sa mahigit sa 100 na kabataan (edad 15-25) at gagamitan ng *content analysis*. Para sa ikalawang layunin, gagamitan ng *correlation* sa pagitan ng bilang ng *Flow experience* at ng iskor sa *Satisfaction with Life Scale* (SWLS).

Ano ang makakatulong sa sikolohikal na kaginhawaan ng mga batang lansangan?

Madelene Sta. Maria
Pamantasang De la Salle-Maynila
Jose Maria Diestro, Jr.
Far Eastern University
Carmelo Martinez, SDB
Don Bosco Technical Institute, Makati City

